



Embassy of the Republic of the Philippines
Pasuguan ng Republika ng Pilipinas
WELLINGTON

PAUNAWA BLG. JSD-2020-17

LISTAHAN NG MGA NAGBIBIGAY NG TULONG PARA SA APEKTADO NG COVID-19 SA NEW ZEALAND #COVID19PHNZSupport

Patuloy na nalulugod at nagpapasalamat ang Embahada sa tulong at suporta ng ating mga kababayan at mga kaibigan na tumugon sa paanyaya ng Embahada upang tumulong sa mga nangangailangan ng pagkain, tirahan at iba pang katulad nito.

Para sa aming mga mahal na Boluntaryo, maraming-maraming salamat sa inyong naging pagtugon sa paanyaya ng Embahada ukol sa pagtulong, lalo na sa mga sumagot ng VAMBA Form (makikipag-ugnayan sa inyo ang Embahada sa mga *email address* na inyong binigay). Marami sa inyo ang nakapagbigay na ng biglaang-tulong, lalo na ang #FoodAid, nagpatuloy sa mga walang masilungan, tulong-pinansiyal, atbp. Sa ngayon, nais imungkahi ng Embahada na lapitan ng ating mga kababayan ang mga sumusunod na organisasyon sa New Zealand na nag-aabot ng tulong at suporta. Magiging mas mabisa kung sasangguniin ang bahagyang listahan sa ibaba, na pamalagiang madaragdagan.

Kung kailangan ninyo ng pagkain, iminumungkahi rin ng Embahada na bisitahin din ang mga *foodbanks*, na matatagpuan sa iba't ibang rehiyon. Tulad ng lahat ng mga pampublikong serbisyo, mamarapatin nilang tumawag muna kayo sa kanila. Karamihan sa kanila ay ipapadala sa inyo ang *food parcel* bilang iilan sa mga nasabing serbisyo ay may malawak na saklaw. Mangyaring sabihin sa kanila kung kayo ay may *allergies*. Laging tandaan na mga boluntaryo lamang ang nagpapatakbo sa mga ito kaya maayos ninyo silang pakitunguhan.

Lugar	Karagdagang Impormasyon	Mga Puna
Auckland		
Auckland City Mission	https://www.aucklandcitymission.org.nz/COVID-19/	Pagkain at iba pang tulong
Auckland City Management	Call: 0800 22 22 96 between 7am-7pm	Pagkain at iba pang tulong
Christchurch		
Society of St. Vincent de Paul	https://www.svdpcch.co.nz/how-can-we-help-you.html	Iba pang tulong maliban sa <i>food parcels</i>
Hamilton		
Society of St. Vincent de Paul	http://vinnieshamilton.co.nz/work-we-do/	Pangkalahatang tulong
Wellington		
Wellington Mayoral Relief Fund	Call: 04 389 2033 Email: enquiries@wgtncitymission.org.nz https://wellington.govt.nz/services/community-and-culture/funding/council-funds/mayoral-relief-fund	Pagkain at iba pang madaliang-tulong
Wellington Student Army	https://www.vuwsa.org.nz/sva	Tulong sa iba pang mga lakarin at pangkalahatang tulong
Foodbanks		

Mangere		
Ngā Whare Waatea Marae	Marae at 31 Calthorp Close, Mangere Open Mon-Fri, 10am-2pm Call: 0800 866 862	Magdala ng ID kung pupunta sa Marae. Maghintay sa sasakyan at lalapitan kayon ng <i>staff</i> ng isa-isa upang tanungin kayo ukol sa inyong pangangailangan.
Mangere Budgeting & Family Support Services	Call: 0508 22 22 83 or 09 275 2266 Email: appointments@mangerebudgeting.org.nz	
South Auckland Christian Foodbank	Call: 027 477 1092	
Manurewa		
Papakura Marae Foodbank	Open Mon-Fri 10am-2.30pm Call: 09 297 2036	Mangyaring tumawag sa telepono upang manghingi ng <i>food parcel</i> . May tatawag sa inyo upang kayo para sa <i>phone interview</i> , tsaka lamang ipapadala sa inyo ang pagkain. Sa Papakura at Manurewa lamang ang pagpapadala ng pagkain sa ngayon.
Papakura		
Papakura Salvation Army	Call: 09 299 6791 Email: Papakura_Corps@nzf.salvationarmy.org	
Papakura Marae Foodbank	Open Mon-Fri 10am-2.30pm Call: 09 297 2036	Mangyaring tumawag sa telepono upang manghingi ng <i>food parcel</i> . May tatawag sa inyo upang kayo para sa <i>phone interview</i> , tsaka lamang ipapadala sa inyo ang pagkain. Sa Papakura at Manurewa lamang ang pagpapadala ng pagkain sa ngayon.
Otahuhu		
Otahuhu Salvation Army	Call: 09 276 5793 Email: otahuhu.corps@salvationarmy.org.nz	
Manukau		
Manukau Salvation Army	Call: 09 262 2332 Email: manukaucentral.corps@salvationarmy.org.nz	
Flat Bush		
Flat Bush Salvation Army	Call: 09 277 6829 Email: flatbushcorps.plant@salvationarmy.org.nz	
Pukekohe		

Pukekohe Salvation Army	Call: 09 238 5641 Email: Pukekohe_Corps@nzf.salvationarmy.org	
Franklin Family Support Services	Call: 09 238 6233 Email: admin@familysupport.org.nz Facebook: @franklinfamilysupport	
Waiuku		
Waiuku Family Support Network	Call: 09 235 9099 Email: admin@waiukufamilysupport.co.nz Facebook: @WaiukuFamilySupport	
Pakuranga		
St. Mark's Church	https://www.pakurangacatholic.org.nz/contact-us/ Email: stmarks@xtra.co.nz	Nakapokus lamang sa Pakuranga.
Other Foodbanks		
Auckland City Mission Foodbank	Call: 09 303 9266 ACM Distribution Centre at 15 Auburn Street	Kung kailangan ninyo ng <i>food parcel</i> kailangan ninyong tumawag upang kausapin ang <i>Crisis Care team</i> . Bibigyan kayo ng oras upang kunin ito mula sa ACM Distribution Centre sa 15 Auburn Street, malapit sa Boston road sa Grafton. Kailangang magdala ng ID.
Mt. Wellington Salvation Army Community Ministry	Call: 09 379 7615 Call: 0800 53 00 00 (upang mahanap ang <i>ministry</i> sa inyong lugar)	Tawagan ang Mt. Wellington Salvation Army Community Ministry o kaya'y ang Salvation Army Community Ministry sa inyong lugar. Bibigyan kayo ng oras upang kolektahin ang inyong <i>food parcel</i> .
Presbyterian Support Northern	8 Madeira Lane, Grafton Call: 09 309 2054	Tumawag muna upang maisaayos ang pagkolekta sa 8 Madeira Lane, Grafton. Mahigpit na ipinapatupad ang walang <i>walk-in</i> at ang pagkuha ay istriktong mula 11am hanggang 12pm, Lunes hanggang Biyernes lamang.
St. Vincent De Paul in Newton Branch	Call 09 815 6122 Email: Auckland@stvincies.co.nz	Tumawag o mag-emaila at maaari silang magpadala ng <i>food parcel</i> .
Orakei Foodbank	Call: 521 5712	Tumawag at mag-iwan ng <i>voice message</i> na may detalye kung gaano karami ang miyembro ng pamilya, atbp. Ipinapadala lamang ang <i>parcels</i> tuwing Martes at

		Biyernes sa Orakei, Kohi at Mission Bay.
Hills Church on Hillsborough Road	Email: office@hillschurch.nz	Mag-email muna at mag-iwan ng detalye ng inyong pangangailangan at susubukan nila kayong bigyang ng <i>food parcel</i> . Nag-alok din sila na mag-shopping para sa mga hindi pwedeng lumbas ng bahay dahil sa <i>self-isolation</i> .

Para sa mas komprehensibong listahan ng mga *foodbanks*, mangyaring tingnan ang <https://www.foodbank.co.nz/foodbanks> o kung nais ninyong magkaloob ng donasyon, maaaring gawin ito rito: <https://www.foodbank.org.nz/>.

Maaaring tawagan din ng ating mga *kababayan* ang *Civil Defence Emergency Management (CDEM) group* sa inyong lugar sa mga sumusunod na 0800 numbers at *email addresses*. Ang serbisyong ito ay para sa mga tao at *whānau*, na hindi ganoon kadalang maabot ng tulong. Ang serbisyong ito ay bukas mula Lunes hanggang Linggo mula 7am hanggang 7pm.

CDEM Group	
Northland	0800 790 791
Auckland	0800 222 296
Waikato	0800 800 405
Bay of Plenty	0800 884 222
Hawke's Bay	0800 422 923
Tairāwhiti	0800 653 800
Taranaki	0800 900 077
Manawatū-Whanganui	0800 725 678
Wellington	0800 141 967
Marlborough	03 520 7400 welfare@marlboroughcdem.co.nz
Nelson	0800 50 50 75
Canterbury	0800 24 24 11
West Coast	03 900 9329
Otago	0800 322 4000
Southland	0800 890127 Covid19@cdsouthland.nz
Chatham Islands	03 3050033 ex 715

Habang patuloy na binabantayan ng Embahada ang mga kaganapang may kinalaman sa COVID-19, mangyaring bisitahin ang *website* ng Embahada sa <https://www.philembassy.org.nz/> o kaya'y ang *Facebook page* ng Embahada sa <https://www.facebook.com/PHLinNZ/>. Maaari din kayong magpadala ng mga mensahe sa pamamagitan ng aming *FB messenger* at *email* sa wellington.pe@philembassy.org.nz.

Wellington, 02 Abril 2020